



Sabay tayong ngumiti!

Sa isyung ito ng Mimitaro, Nakapanayam namin si Bb. Dhenok Vicki Asmorowati
(Residente ng Omihachiman) na nagtrabaho sa isang Supermarket



Labing tatlong taon na ang nakalipas simula ng mapangasawa ko ang aking asawang hapon at dumating ng Shiga mula Indonesia. Nung bagu-bago pa lamang ako sa Japan, sumisilip muna ako sa bintana bago lumabas para itapon ang basura. Kinakabahan kung makikipagpalitan ba ako ng pagbati sa aking mga kapitbahay. Nakatira lang sa malapit ang aking mga biyenang siyang nagturo sa akin ng maraming bagay tungkol sa mga ibat ibang gawi ng pamumuhay sa Japan, at pagkatapos kong mag aral ng wikang hapon sa mga klase ng wikang hapon, ngayon nakakasama na rin ako sa komunidad.

At kaagad pagkatapos kong masanay sa Japan, ninais kong makapagtrabaho kaagad ng gusto kong trabaho dahil kung nasa bahay lang ako hindi umuunlad ang kasanayan ko sa wikang hapon at nararamdaman ko rin na para akong naiiwanan ng lipunan. At tamang-tama lang ang oras, nakahanap ako ng naghahanap ng part-timer na trabaho na nakaunangyari sa isang tindahan ng pancake na may nakasaad na “Tumatanggap din ng mga dayuhan” at doon nagimula na akong magtrabaho sa Japan sa unang pagkakataon. Maliit lang siya na tindahan na kung saan 1katak lang ang gumagawa at nagtitinda ng mga pancake. Lahat ng iyon ay mga pinakaunang karanasan, ngunit ang mga tauhan na nakatoka sa ibat-ibang eskedyul ay isinusulat ang mga kinakailangang mga gawain at mga katagang wikang hapon na kinakailangan para sa serbisyo sa mga kostumer at nakapagtrabaho ako doon ng 2 taon.

At pagkatapos nun nakahanap ako ng trabaho sa isang malapit na supermarket at ngayon ay pang- apat na taon ko na ditong nagtrabaho bilang isang kahera. Unang karanasan ko rin ang magtrabaho bilang isang kahera, pero ang mga tauhan doon sa pinagtrabauhan ko ay matutungan at tinuturuan nila ako lahat-lahat at kaagad-agad, kung nagkakaproblema ay nandiyan sila kaagad para tulungan ako. Kapagka hindi ko alam ang pangalan ng produkto kapag sinusuri ito, tinutulungan ako ng mga kostumer at sinasabi nilang “dekopon ito!” (uri ng dalandan). Mula sa suporta ng mga taong nasa paligid ko naging isa akong miyembro ng pangunahing tauhan sa trabaho ko. Nung ako ay pansamantalang kumuha ng bakasyon para umuwi sa aking bansa, tinatawagan ako ng aking mga kasamahan at sinasabi nila hinhintay namin ang iyong pagbabalik kaagad! Ang aking ngiti ang siyang aking tibay. Nakatanggap ako ng “espesyal na parangal” mula sa aking trabaho bilang isang “kapitapitagan na tauhan”, marahil ito ay dahil sa aking mga ngiti! Bilang napapaligiran ako ng mga mababait na katrabaho

at mga kostumer, masaya ako at napasama ako sa trabahong ito.

Ang anak namin ay kasalukuyang nasa ika-limang baitang. Isa ako sa miyembro ng PTA ngayong taon, naisip ko na ang pinakamagandang paraan upang maintindihan ang mga sistema ng paaralan ay ang maging bahagi nito, kung kaya kusa kong inilagay ang aking sarili sa posisyon. Kahit na hindi ako masyadong nakakasulat ng hapon, nandiyan naman ang asawa ko na susuportahan ako habang makakatulong ako sa ibat-ibang pampisikal na gawain sa sarili ko. Ang pagiging bahagi ng PTA ay nakapagbibigay puwang sa akin upang matutunan ko ang tungkol sa paaralan sa Japan at ang mga problemang nauugnay dito.

Kamakailan, dumarami ang bilang ng mga dayuhan sa lugar namin, nararamdaman ko na ang mga hapon at ang mga dayuhan ay nagkakasanayan na sa bawat isa, subalit kalimitan pa rin sa mga hapon ang hindi nakikipagusap, magkakaparehong nasyonalidad ang nakikisalamuha at nagiging magkakaibigan kaya hindi sila nagkakaroon ng mga kaibigan na hapon. Kaya natatanong ko ang sarili ko kung tama ba o ito o hindi. Gusto kong makipagkuwentuhan at magkaroon ng masayang oras sa mga tao sa aking trabauhan at sa komunidad dahil may pagkakataon akong makilala sila. Gusto ko rin na masaya ang mga kostumer sa supermarket habang nakapila sa kahera at sa mga dayuhan na maging komportable kung makita nilang nagtrabaho ako doon.

Maraming mga bagay ang maaring matututunan mula sa mga bagong karanasan. Sa supermarket, natututunan namin ang tungkol sa makatuwirang pagbebenta at sa pamamahala sa produkto, pero minsan naiisip ko hindi naman kinakailangan “madetalye”. Kapag may nakikita akong mga pagkain na hindi inilalabas dahil malapit na ito sa petsa na hindi na puwedeng makain o kaya dahil ang isang de-latang pagkain ay may bahagyang yupi, Naiisip ko ang mga tao sa aking bansa na naghihirap sa pagkain. Sa paaralan, ang mga mag aaral ay hindi lamang nag aaral ng ibat ibang asignatura, kundi malaya din sila para sa ibat ibang mga aktibidad tulad ng tanghalian sa paaralan, araw ng isport, o ang magkaroon ng ugnayan sa mga kalikasan tulad ng mga karanasan sa pagtanim ng palay at mga gawain na pinapahalagahan ang mga sinaunang kultura. Humahanga ako sa mga mag aaral na pumapasok sa paaralan na dinadala nila ang kanilang sariling mga kagamitan. Gamit ang ibat ibang karanasan, balang araw pangarap naming mag asawa na makapagpatayo ng isang maliit na paaralan para sa mga batang hindi gaanong pinalad/ mahirap sa bansa ko.

Ang Pangakong mayron kaming mag asawa ay “patuloy lang mag usap hanggang magkaintindihan kaming pareho, huwag isipin ang bawat isa na Hapon o banyaga” Huwag susuko dahil ikaw ay isang dayuhan, kundi subukan ang isang bagay na gusto mo.

Pag-iwas sa mga sakit na nauugnay sa pamumuhay

Ang isang hindi malusog na diyeta ay maaaring humantong sa "mga sakit na nauugnay sa pamumuhay" tulad ng diabetes, altapresyon, at atake sa puso. Kapag nasuri na may "sakit na nauugnay sa pamumuhay", kakailanganin ang pangmatagalang gamutan na kadalasan ay may kasamang mataas na gastusing -medikal. Maaari rin itong makagambala sa iyong buhay-trabaho.

Upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari, mahalagang suriin ang kalagayan ng inyong kalusugan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng "health checkup" sa mga itinalagang institusyon nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Ang maagang pagtuklas ng mga abnormalidad sa katawan ay maaaring makatulong na mabawasan ang mga gastusing- medikal sa hinaharap.

Pagkarating sa Japan, maaaring nagbago ang mga gawi sa pagkain mula sa kahirapan sa pagkuha ng parehong mga pagkain na nakasanayan mo. Kapag nagbago ang iyong diyeta, gayundin ang balanse ng nutrisyon sa iyong katawan. Sa halip mahirap mapansin ang mga pagbabago sa loob ng iyong katawan, kaya bakit di-suriin ang inyong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapasuri sa kalusugan?



【Subsidyo/tulong-pinansiyal para sa mga gastusin sa pagsusuri sa kalusugan】

Maliban sa mga gastusing- medikal, ang Kyokai Kenpo ay mayroon ding tulong-pinansiyal para sa mga pagsusuri sa kalusugan. Ang layunin ng mga pagsusuri sa kalusugan sa Kyokai Kenpo ay hindi lamang para sa pagsusuri at agarang paggamot ng mga sakit ngunit upang maiwasan din ang mga naturang sakit na nauugnay sa pamumuhay. Ang mga empleyadong nasa pagitan ng edad na 35-74 na nakaseguro sa Kyokai Kenpo sa kanilang lugar ng trabaho ay makakatanggap ng detalyadong pagsusuri sa kalusugan para sa humigit-kumulang 7,000 yen. Ang mga miyembro ng pamilya na nakasapi sa parehong seguro (may edad 40 - 74) ay maaaring makatanggap ng mga simpleng checkup tulad ng pagsusuri ng dugo mula 0 yen - humigit-kumulang 1,500 yen (nag-iiba ang mga bayarin depende sa paraan ng pagsusuri).

Mangyaring makipag-ugnayan sa isang institusyong medikal na nagsasagawa ng mga pagsusuri sa kalusugan o sangay ng Kyokai Kenpo Shiga sa pamamagitan ng telepono (Japanese lamang) kung nais mong magpasuri sa kalusugan. Mangyaring suriin ang Kyokai Kenpo HP para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga detalye ng pagsusuri sa kalusugan.

<https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g4/cat410/>



★ Kung hindi ka nagtatrabaho sa isang kumpanya, maaari kang makatanggap ng subsidyo mula sa iyong lungsod o bayan na tinitirhan para sa mga pagsusuri sa kalusugan.

=====

Ang iyong “my number card” ay maaaring gamitin bilang iyong health insurance card!

Ang iyong “my number card” ay magagamit bilang iyong health insurance card sa mga institusyong medikal • mga parmasya na nag-install ng partikular na card reader. Kinakailangan ang pagpaparehistro nang maaga.

Info Pangkalahatang toll free dial ng My Number

TEL 0120-95-0178 (Hapon)

TEL 0120-0178-26 (Inglis)

Mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng pamahalaan sa iyong lugar na tinitirhan



Ang legal na edad ng karampatang gulang ay ibinaba sa 18 taong gulang



Batay sa “Ang hakbang sa bahagyang pag-amyenda sa kodigo sibil”, ang legal na edad ng karampatang gulang ay ibababa mula sa kasalukuyang edad na 20 taong gulang patungong 18 taong gulang sa Abril 1, 2022.

Sa mahigit 18 taong gulang, mababa sa 20 taong gulang
(Ipinanganak sa pagitan ng Abril 2, 2002 ~ Abril 1, 2004)



Hustong edad sa Abril 1, 2022

Sa ipinanganak ng o pagkatapos ng Abril 2, 2004



Hustong edad sa 18 na kaarawan

Mangyaring pakitandaan na ang “Pagrebisa ng batas ng Kodigo Sibil” ay bahagyang mababago ang katuringan ng nasa hustong gulang. Menor de edad, pagbabago ng batas para sa edad para sa ibat ibang aplikasyon tulad ng estado ng paninirahan at pagkuha ng hapon na nasyonalidad.

Ano ang mga mababago kung bababa ang ang edad ng karampatang gulang?

- ✧ Ang limitasyon sa edad kung babaguhin ang estado ng paninirahan para sa mga “Long-term resident” kung menor de edad. mga sariling anak (biholohikal na anak) ay para doon sa mga mababa at hindi kasama ang 18 taong gulang
- ✧ Ang edad na kinakailangan para sa naturalisasyon na mula sa 20 taong gulang ay magiging mula 18 taong gulang.
- ✧ Ang edad ng batang maaring kilalanin ng kanyang amang hapon upang magkaroon ng nasyonalidad ay para doon sa mga menor de edad at hindi kasama ang 18 taong gulang.
- ✧ Para sa mga may dobleng nasyonalidad, ang edad kung saan dapat piliin ang nasyonalidad ay magbabago mula sa bago maging 20 taong gulang (o sa edad na 22) hanggang bago maging 18 taong gulang (o sa edad na 20).
- ✧ Ang kontrata para sa mga smartphones at mga pabahay para magsarili, credit card o kaya mga pautang tulad ng pautang sa pagbili ng sasakyan ay maaring magawa mula 18 taong gulang kahit na walang pahintulot ang mga magulang (maaring hindi maaprubahan ang inuutang kung ito ay sumobra doon sa kapasidad ng muling bayarin).
- ✧ Ang edad ng mga kababaihan na maari nang mag asawa ay itataas mula lagpas 16 taon gulang tungo sa lagpas 18 taon gulang. Ang mga babaeng lagpas 16 taon gulang sa Abril 1, 2022 ay maari pa rin makapag asawa mababa sa 18 taon gulang

Ang edad na maaring uminom ng alak, manigarilyo at ang regulasyon na edad para sa pinangangasiwaan ng-pamahalaan na mga labanang- isports (Karera ng kabayo, karera ng sasakyan, karera ng biseklita, karera ng bangka) ay mananatiling nasa 20 taon gulang kahit na nagbago ang edad ng karampatang gulang. Ang obligasyon na pumasok sa pambansang pensyon ay nasa 20 taon gulang.

Sa ilalim ng kodigo sibil, ang mga kontratang isinagawa ng mga menor de edad ng walang anumang pahintulot mula sa mga magulang ay walang bisa subalit ang rebisyon (pagbabago) ng edad para sa hustong gulang ay magbibigay permiso doon sa mga lagpas 18 taon gulang na gumawa ng ibat ibang kontrata kasama ng mga responsabilidad sa mga isinagawang kontrata. Hindi madaling isagawa ang kontrata at ang mga nilalaman nito ay kinakailangan ng masusing pagsisiyasat bago isagawa ang kontrata. Mahalaga din na humingi muna ng payo bago magsagawa ng kontrata.

Tanggapan ng Konsultasyon na may kaugnayan sa kunsumidor/mamimili

- Consumer hotline 「188」 (Wikang hapon lamang)
- Houteras (serbisyo sa ibat ibang wika) 0570-078377 【Karaniwang araw】 9 ng umaga ~ 5 ng hapon

PAHAYAGAN MIMITARO

Maligayang Manigong Bagong Taon 2022
Maligayang pagbati sa panibagong taon!
Mula sa Mimitaro



★Mangyaring ipagpatuloy ang mga hakbangin pag iingat laban sa COVID-19 at kumpirmahin muna ang mga ganap bago sumali

◆ Bundok Hakodate Ski Resort~kalagitnaan ng Marso

Bundok Hakodate snow festival 2022

Nakaeskedul sa katapusan ng Enero

Lugar : Imazu-cho Hioki-mae, Takashima City

TEL 0740-22-2486

◆ Pagdiriwang ng Setsubun Pebrero 3 (Lunes)



Magsasaboy ng beans na idinadaus sa ibat-ibang lugar upang itaboy ang mga masasamang espiritu/kamalan at bilang paghahanda din sa pagharap sa tag-sibol

* Taga Taisha (Taga-cho Taga 604, Inukami-gun)

TEL 0749-48-1101

* Minakuchi Jinja (Dambana)

(Minakuchi-cho Miyanomae 3-14, Koka City)

TEL 0748-62-0231

* Tachiki Jinja (Templo) (Kusatsu 4-1-3, Kusatsu City)

TEL 077-562-0420

* Zensui-Ji (Templo) (Iwane 3518, Konan City)

TEL 0748-72-3730

◆ Piyesta para sa manikang hina sa Hino"

Noon at Ngayon, Sa palibot ng bayan, panahon ng paglalakbay~

iginagayak ang mga manika sa mga bintana ng balkonahe sa mistulang makalumang lansangan.

Lugar: Mula Hino-cho Okubo hanggang Murai

Panahon: Pebrero 6 (Linggo) – Marso 6 (Linggo)

TEL 0748-52-6577

◆ Pinakamagandang panahon ng plum blossoms mula sa kalagitnaan ng Pebrero hanggang Marso

* Hou Koen (Koen-cho, Nagahama City)

* Ishiyama-dera (Ishiyamadera, Otsu City)

* Sunai-no-sato (Oishiryumon, Otsu City)

* Hikone-jo (Konki-cho, Hikone City)

* Kuretakebairin-koen (Kuretake, Kora-cho)

* Saimyo-ji (Ikedera, Kora-cho)



Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa buwan ng Abril

◆ Pinakamagandang panahon ng cherry blossoms: Mula katapusan ng Marso ~ simula ng Abril

* Biwako Valley (Kido, Otsu City)

* Mt. Toragozen (Nakano-cho, Nagahama City)

* Paligid ng tulay ng Iwakami sa tabing-ilog ng Yasugawa (Gika, Minakuchi-cho, Koka City)

* Omi Fuji Flower Park (Mikami, Yasu City)

* Ameyama Bunka Undo Kouen (Ameyama, Konan City)

* Kaizu Osaki (Kaizu, Makino-cho, Takashima City)

* Hyakusai-ji (Hyakusaiji-cho, Higashiomi City)



BALITA MULA SA MIMITARO



◆ Sertipiko ng pagbabakuna ~ paglalakbay sa ibang bansa

Kung kinakailangan mo ng sertipiko ng pagbabakuna para Sa inyong pagpasok sa pupuntahang bansa, mangyaring kontakin ang tanggapan ng inyong lokal na pamahalaan kung saan kayo nakatala sa panahon ng pagbabakuna. Ang balidong pasaporte at ang natirang bahagi ng tiket sa pagbabakuna ay kinakailangan.

[Info] Tanggapan ng Lokal na pamahalaan, o MHLW call center (Sentro ng tawagan ng Kagawaran ng Kalusugan, Trabaho at Pangkapakanan para sa COVID-19 Pagbabakuna
 TEL 0120-761770

◆ Final Income Tax Return

Mula Peb. 16 (Miy) hanggang Marso 15 (Mar)

Ang mga taong malaki ang binayaran sa pagpapagamot, bumili ng bahay sa pamamagitan ng pag-utang (loan) at mayroong pagwawasto sa inawas na halaga nito, may kinikita na hindi naiaawas sa suweldo, may kinikita sa isang negosyo, may kinikita na buhat sa mahigit pa sa isang kumpanya, ay kinakailangang mag-file ng income tax returns sa tax office.

◆ Buwis para sa Sasakyan

Ang buong taong bayarin ng buwis para sa sasakyan ay ipinapataw doon sa nagmamayari nito pagsapit ng ika-1 ng Abril. Kung ibinenta sa iba o kaya ay hindi na ito ginagamit, magsadya sa opisina ng Sangay ng Land Transportation Bureau (unyu-shikyoku) upang ilipat ang pangalan ng pagmamay-ari nito o ito ay irehistro bilang isang basura.

[Info] Shiga Branch office, Kinki District Transport Bureau
 2298-5 Konohama-cho, Moriyama TEL 050-5540-2064

Shiga Gaikokujin Soudan Center (Shiga Intercultural Association for Globalization)

Kung may mga katanungan at suliranin huwag mag atubiling tumawag may nakahandang ibat ibang wika para kayo alalayan/suportahan. May nakahandang libreng konsultasyon para sa legal na proseso.

Tel : 077-523-5646 Fax: 077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp